# Tokhang

RENZ ROSARIO

*Knock-knock! Let the devil in!*
*—Venom, Eminem*

i

Pumapasok si Rodrigo
Sa buhay ng mga tao,
At kaluluwang nandito
Ay dadalhin sa impiyerno.

ii

Pag di nagbukas sa katok,
Puwersahan nang papasok;
Pag di sumuko sa suntok,
Tutumba sa ilang putok.

iii

Ayos lang kung bawat bahay
Mayroong ihahandusay
Para sa maraming buhay
At sa pagbabagong tunay.

iv

Paghinga mo ay hihinto,
Pag kinatok ka sa pinto;
Di man nakipag-agawan,
Hatol pa rin ay "nanlaban."

v

Nagmakaawa si amang,
Hindi siya nagmatapang;
Tuloy pa ring 'tinimbuwang
Ng mga pulis na buang!

vi

Sir, wala pala sa watch list
At wala rin po sa hit list
Ang pinatumba mong gago
Sa Barangay Pagbabago.

Bata, pag ganyan ay matik
Aakusahan nang adik;
Wala nang bago sa ganyan,
Sabihin ninyo, "nanlaban."

vii

Sa squatter's area nagmanman,
Naghanap ng mga adik:
Pulis na di matahimik
Pagkat walang nanlalaban.

viii

Sabi, mabuti itumba
Lahat ng "latak" at "kalat"
Kahit di sapat at patas
Ang isulyap ng pulisya.

ix

"Ipinansalag ang anak,"
Kanilang ipinansalag
Sa katotohanang tiyak
Na sila ay walang palag!